Mga Katuruan ng Biblia



*Isang pansariling pag-aaral tungkol kay Jesus at sa kanyang pinakamahalagang gawain*

# Si Jesus ang Cristo

# Si Jesus ang Cristo

Isang pansariling pag-aaral tungkol kay Jesus
at sa kanyang pinakamahalagang gawain

Multi-Language Productions
Bringing the Word to the World

Original text produced by the Institutional Ministries Committee of the Commission on Special Ministries of the Wisconsin Evangelical Lutheran Synod.

Copyright © 2021

Text adapted by Multi-Language Productions of the Wisconsin Evangelical Lutheran Synod.

All cover and black and white illustrations are the work of Glenn Myers. Rights to Glenn Myers' illustrations reserved by Northwestern Publishing House.

Scripture taken from Magandang Balita Biblia, Tagalog Popular Version. Copyright © 2008 by the Philippine Bible Society (PBS).

Level 1, Book 1

# TALAAN NG NILALAMAN

Panimula..........................................................1

Unang Kabanata:
Ang Kapanganakan ni Jesus ....................3

Ikalawang Kabanata:
Ang Buhay ni Jesus ................................15

Ikatlong Kabanata:
Ang mga Katuruan ni Jesus ...................25

Ikaapat na Kabanata:
Ang Kamatayan ni Jesus ........................37

Ikalimang Kabanata:
Ang Tagumpay ni Jesus, ang Cristo .......49

Pagwawakas ...............................................61

Mga Sagot sa mga
Pagsusulit sa Bawat Kabanata ...................62

Pangwakas na Pagsusulit ...........................63

# PANIMULA

Ang layunin ng mga araling ito ay tulungan kang matutunan ang payak na katotohanan tungkol kay Jesus - kung sino siya at kung bakit siya ay napakahalaga.

Ang bawat isa sa limang mga kabanata ay nagsisimula sa isang tala ng mga layunin na may marka ng isang maliit na bituin (*). Ang mga layuning ito ay nagsasabi kung ano ang iyong matututunan sa kabanatang iyon. May isang maikling pagsusulit pagkatapos ng bawat kabanata. Kung babasahin mong mabuti ang bawat pangkat, masasagot mo nang tama ang mga tanong.

Pagkatapos ng bawat pangkat ng mga tanong, bibigyan ka ng isang bilang ng pahina na maaari mong puntahan upang tingnan kung tama ang iyong mga sagot. Buksan mo ang pahinang ito at makikita mo ang mga sagot dito. Suriin mong mabuti ang iyong mga sagot at iwasto ang anumang mali. Tiyakin mong nauunawaan mo ang lahat ng mga sagot bago ka magpatuloy sa iyong pagbabasa.

Pagkatapos ng isang kabanata ay mayroon ding isang pangkat na may markang “Gamitin Ang Iyong Biblia”. Doon ay sasabihin sa iyo kung saan sa Biblia matatagpuan ang mga kuwentong tinalakay sa isang aralin. Subukan mong basahin ang mga kuwentong ito mula sa iyong Biblia. Nais naming iyong matiyak na anumang itinuturo sa pag-aaral na ito ay mula sa Biblia.

Sa pagtatapos ng aklat na ito ay mayroong isang pangwakas na pagsusulit. Bago mo tapusin ang pagsusulit na ito, balik-aralan mo ang mga pagsusulit sa bawat kabanata. Kung matapos mo na ang pangwakas na pagsusulit, maaari mong ibalik ang aklat na ito sa taong nagbigay sa iyo nito o kaya’y ipadala mo sa pamamagitan ng koreo sa address na nakalagay sa likod ng aklat na ito.

Maaari kang humiling ng ibang mga aklat na babasahin at pag-aaralan.

Nawa’y tulungan ka ng Diyos upang higit mong makilala si Jesu-Cristo, at pagpalain ang mga oras na iyong gugugulin sa pag-aaral ng kanyang buhay.

*Unang Kabanata*

# ANG KAPANGANAKAN NI JESUS

Maraming dinadakilang mga tao sa mundo. Nariyan ang isang pintor na gumuguhit ng magagandang larawan upang ating pagmasdan at hangaan. Nariyan ang isang guro na dakilang inspirasyon para sa atin at nagturo sa atin ng maraming bagay. Nariyan ang isang manlalalaro na ang kinabibilangang koponan ay palaging nagwawagi. Marahil ay mayroon kang isang kaibigan na nakatulong sa iyo nang ikaw ay nangangailangan.

Ngunit may isang tao na nararapat nating dakilain higit kaninuman. Kailangan mo siyang

makilala, sapagkat nakasalalay sa pagkakilala mo sa kanya kung saan mo gugugulin ang kabilang-buhay. Ang taong ito ay si Jesu-Cristo. Ang aklat na ito ay isinulat upang tulungan kang makilala si Jesu-Cristo, at upang iyong malaman kung bakit nararapat natin siyang dakilain. Pagkatapos ng kabanatang ito:

* makikilala mo kung sino ang mga magulang ni Jesus;
* malalaman mo kung ano ang kahulugan ng salitang Tagapagligtas;
* maipaliliwanag mo kung bakit ang Tagapagligtas ay kailangang Diyos at Tao; at
* maipaliliwanag mo kung ano ang ibig sabihin na si Jesus ay ating Tagapagligtas mula sa kasalanan.

Dalawang libong taon na ang nakalilipas, sa lupain ng Israel, isinugo ng Diyos ang anghel na si Gabriel sa isang babaeng Judio na nagngangalang Maria. Sinabi sa kanya ni Gabriel na bagamat siya ay isang birhen siya ay magiging isang ina. Ang ama ng kanyang magiging anak ay ang Diyos mismo. Ang kanyang magiging sanggol ay isang lalaki at

tatawaging Anak ng Diyos. Pangangalanan niya itong Jesus, na ang kahulugan ay Tagapagligtas.

1. Isinugo ng Diyos ang isang anghel sa isang babaeng nagngangalang ______________.
2. Sinabi ng anghel kay Maria na siya ay magiging ______________ ng isang sanggol na lalaki.
3. Sinabi ng anghel kay Maria na ang ama ng sanggol ay ______________.
4. Pangangalanan ni Maria ang sanggol na ______________.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 12)

Si Maria ay nakatakdang ikasal sa isang lalaki na nagngangalang Jose, ngunit siya ay nananatiling isang birhen. Nalaman ni Jose na si Maria ay nagdadalang-tao. Batid ni Jose na hindi siya ang ama ng sanggol. Inakala niyang si Maria ay sumiping sa ibang lalaki, kaya't nagpasya siyang hiwalayan si Maria. Ngunit nagsugo rin ang Diyos sa kanya ng isang anghel upang ihatid ang isang mahalagang mensahe.

Sa isang panaginip, sinabi ng anghel kay Jose na si Maria ay nagdadalang-tao sa

pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Ang Diyos mismo ang ama ng sanggol! Sinabi rin ng anghel kay Jose na dapat niyang pakasalan ang babae at magsilbing amain ni Jesus. Nang siya ay magising, ginawa nga ni Jose ang ayon sa sinabi ng anghel.

5. Nagtungo rin ang isang anghel kay _______________ na nakatakdang ikasal kay Maria.
6. Sinabi ng anghel kay Jose na hindi ibang lalaki ang ama ng sanggol ni Maria, kundi ang ________________.
7. Sinabi ng anghel kay Jose na pakasalan si Maria at magsilbing ____________ ni Jesus.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 12)

Bago ipanganak ang sanggol, si Jose at Maria ay nagtungo sa bayan ng Bethlehem. Nang sila ay dumating doon, wala silang makitang silid na matutuluyan. Sa wakas, nakatagpo si Jose ng isang silungan ng mga hayop kung saan maaari silang magpalipas ng magdamag. Sa silungan ng mga hayop na ito ay ipinanganak ni Maria ang isang sanggol na lalaki at pinangalanan niya itong Jesus.



*Binalot ni Maria si Jesus ng isang tela at inihiga sa isang sabsaban.*

Noon ding gabing iyon, ibinalita ng mga anghel sa ilang mga pastol malapit sa lugar na iyon na isang natatanging sanggol ang ipinanganak sa isang sabsaban. Sinabi nilang ang sanggol ay ang Tagapagligtas na ipinangako ng Diyos. Ililigtas niya ang sangkatauhan mula sa lahat ng kasalanan.

Ang kasalanan ay pagsuway sa Diyos. Kung tayo ay nagkakasala, ang ating mga kasalanan ay lumilikha ng isang kulungang nag-aalis ng ating kalayaan. Nagtatayo ito ng isang malaking pader upang panatilihin tayo sa kapangyarihan ng diyablo at malayo sa Diyos. Ang salitang “tagapagligtas” ay nangangahulugang tagasagip, isang taong nagsasalba sa sinumang nasa malaking panganib.

Ang sanggol na ipinanganak noong gabing iyon ay ang ating Tagapagligtas, si Jesus. Siya ay naparito upang wasakin ang pader ng kasalanan na nakatayo sa pagitan ng Diyos at ng tao. Nagtungo ang mga pastol upang tingnan kung totoo nga ang sinabi ng anghel. Naratnan nila ang sanggol na si Jesus sa isang sabsaban, gaya ng sinabi ng mga anghel.

Pagkaraan nito ay dumating mula sa isang bansa sa silangan ang ilang mga pantas. Napansin nila ang isang bagong tala sa kalangitan. Mula sa Biblia ay kanilang nalaman na ito ay nangangahulugang isinilang na ang isang bagong Hari ng mga Judio. Nang kanilang matagpuan si Jesus sa Jerusalem, sila ay naghandog ng mga kaloob at kanilang sinamba si Jesus.

8. Gaya ng ipinangako ng anghel, nagsilang si Maria ng isang sanggol na lalaki at pinangalanan itong ________.
9. Sinabi ng mga anghel sa ilang mga pastol na ang sanggol na ito ay ang ________ na ipinangako ng Diyos na kanyang isusugo.
10. Ang tagapagligtas ay isang taong ________ sa sinumang nasa panganib.
11. Ang Tagapagligtas na ito, si Jesus, ang magwawasak sa pader ng kasalanan sa pagitan ng ________ at ________.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 12)

May ibig ipakahulugan ang Biblia sa paghahayag na ang Diyos mismo ang Ama ni Jesus at si Maria ang kanyang ina. Ipinakikita nito na si Jesus ay Diyos at tao. Ang katotohanan, sinasabi ng Biblia na upang

maging Tagapagligtas natin si Jesus, siya ay kinakailangang Diyos at tao.

Bakit kailangang maging tao si Jesus? Sinasabi ng Biblia na si Jesus ay naparito upang alisin ang ating mga kasalanan. Sinasabi rin nito na mapapawi lamang ang ating mga kasalanan kung ang mga ito ay mababayaran sa pamamagitan ng kamatayan ng isang tao. Kinailangang maging tao ng Tagapagligtas upang sa pamamagitan ng kanyang kamatayan ay mapawi niya ang ating mga kasalanan.

12. Si Jesus ay Anak ng _____________ at ng isang _____________.
13. Sapagkat ang Diyos ay walang kamatayan, kailangang ang Tagapagligtas ay maging _____________ upang sa pamamagitan ng kanyang kamatayan ay mapawi niya ang ating mga kasalanan.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 12)

Bakit kailangang si Jesus ay Diyos din? Sinasabi ng Biblia na ang lahat ng tao ay ipinanganak na may matinding karamdaman, ang karamdaman ng kasalanan. Kung si Jesus ay tao lamang, siya rin ay ipinanganak na

taglay ang matinding karamdamang ito. Kung magkagayon, hindi niya tayo maililigtas mula sa karamdamang ito.

Ngunit si Jesus ay Diyos din. Namuhay siya nang matuwid at walang bahid ng kahit isang kasalanan. Nang siya ay namatay doon sa krus, hindi ito dahil sa kanyang mga kasalanan sapagkat wala naman siyang anumang kasalanan. Siya ay namatay para sa ating mga kasalanan. Oo, ang sanggol na ipinanganak sa Bethlehem ay isang tao ngunit siya rin ay Diyos. Tanging ang Diyos at Tao na si Jesus lamang ang may kakayahang maging Tagapagligtas natin mula sa kasalanan.

14. Lahat ng tao ay ipinanganak taglay ang karamdaman ng __________.
15. Si Jesus ay kailangang _______ upang Siya ay maipanganak nang walang kasalanan.
16. Sapagkat si Jesus ay walang kasalanan, namuhay siya nang __________ at walang anumang bahid ng kasalanan para sa atin.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 12)

## *Pagbabalik-aral sa Unang Kabanata*

Isinugo ng Diyos ang isang anghel sa isang dalaga na nagngangalang Maria upang sabihin sa kanyang siya ang magiging ina ng Tagapagligtas. Ang Diyos mismo ang Ama ng sanggol. Isang anghel din ang isinugo kay Jose, ang lalaking nakatakdang maging asawa ni Maria. Tiniyak ng anghel kay Jose na ang sanggol sa sinapupunan ni Maria ay hindi mula sa ibang lalaki, kundi ang mismong Anak ng Diyos.

Ang ina ni Jesus ay isang tao, isang birhen. Ang kanyang ama ay ang Diyos mismo. Dahil dito, si Jesus ay Diyos at tao. Tinatawag siya ng Biblia na Anak ng Diyos at Anak ng Tao. Kailangan niyang maging tao upang siya ay mamatay. Kailangan ding siya ay Diyos upang siya ay ipanganak na walang kasalanan at mamuhay nang walang anumang bahid ng kasalanan. Nang siya ay namatay, ito ay dahil sa ating mga kasalanan; wala siyang anumang kasalanan. Tanging ang Diyos at Tao lamang na tulad niya ang maaari nating maging Tagapagligtas.

**Mga sagot sa mga tanong sa Unang Kabanata:**
1. Maria; 2. Ina; 3. ang Diyos; 4. Jesus; 5. Jose; 6. Diyos; 7. ama sa laman/amain; 8. Jesus; 9. Tagapagligtas; 10. sumasagip; 11: Diyos, tao; 12. Diyos, tao; 13. tao; 14. kasalanan; 15. Diyos; 16. matuwid.

## *Pagsusulit sa Unang Kabanata*

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ang ina ni Jesus ay si ________.
2. Ang ama ni Jesus ay ________.
3. Si Jose ay nagsilbing __________ ni Jesus.
4. Si Jesus ay _________ at __________.
5. Sinabi ng mga anghel na ang sanggol na si Jesus ay magiging _________.
6. Ang Tagapagligtas ay isang taong ________ sa sinumang nasa panganib o nasa bilangguan.
7. Ang sanggol na ito ang sasagip sa atin mula sa bilangguan ng _________.
8. Ang Tagapagligtas ay kailangang maging tao upang siya ay _________ para sa ating mga kasalanan.
9. Ang Tagapagligtas ay kailangan ding Diyos upang siya ay maipanganak nang walang _________.
10. Kailangan ding siya ay Diyos upang siya ay makapamuhay nang _________.
11. Nang si Jesus ay namatay, siya ay namatay dahil sa _________ mga kasalanan.
12. Tanging ang isang _________ at _________ lamang ang maaari nating maging Tagapagligtas.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 62)

## Gamitin Ang Iyong Biblia

Ang mga kuwentong nabanggit sa kabanatang ito ay matatagpuan sa Biblia sa mga sumusunod na aklat, kabanata at talata:

1. Dinalaw ng isang anghel si Maria: *Lucas 1:26-38*

2. Dinalaw ng anghel si Jose: *Mateo 1:18-25*

3. Ang kapanganakan ni Jesus: *Lucas 2:1-7*

4. Ang mga pastol: *Lucas 2:8-10*

5. Ang mga pantas: *Mateo 2:1-12*

*Ikalawang Kabanata*

# ANG BUHAY NI JESUS


Nauunawaan natin kung ano ang kahalagahan ng ebidensiya. Madalas matibay na ebidensiya ang dahilan upang ang isang taong nasasakdal ay mahatulan. Ilan sa mga halimbawa ng ebidensiya ay mga bakas ng daliri ng salarin o di kaya'y ang pahayag ng mga saksi. Ebidensiya ang nagpapatunay na ang isang bagay ay totoo o huwad.

Pinatutunayan ng ebidensiya na si Jesus ay Diyos at tao. Ipinagkakaloob sa atin ng Biblia ang ebidensiyang ito. Sa unang kabanata ay narinig natin ang ebidensiya mula sa salaysay tungkol sa kapanganakan ni Jesus. Sa kabanatang ito ay ating titingnan ang ebidensiya mula sa buhay ni Jesus. Pagkatapos ng kabanatang ito ay:

* Maisusulat mo sa iyong sariling mga salita ang kahulugan ng himala;
* Maipaliliwanag mo kung paanong ang mga himala ay nagpapatunay na si Jesus ay Diyos; at
* Makapagbibigay ka ng mga katunayan mula sa buhay ni Jesus na siya rin ay tao.

Nang si Jesus ay tatlumpung taong gulang, nagsimula siyang magturo tungkol sa Diyos. Isang taong nagngangalang Juan ang nagtuturo rin sa mga tao at nagbabautismo noong panahon na iyon.

Nagtungo si Jesus kay Juan at nagpabautismo. Isang kalapati ang lumapag kay Jesus habang siya ay umaahon mula sa tubig. Ang kalapating ito ay ang Espiritu Santo na nagpapakitang siya ay kasama ni Jesus. Pagkatapos ay nangusap mula sa langit ang tinig ng Diyos, “Ikaw ang minamahal kong Anak; lubos kitang kinalulugdan” (Lucas 3:23). Sa ganitong paraan ay ipinakita ng Diyos na si Jesus ay kanyang Anak. Sa mga sumunod na tatlong taon ay maraming ulit na pinatunayan ni Jesus na totoo ang sinabi ng Diyos nang araw na iyon. Siya ay tunay ngang Diyos at tunay ding tao.



*Sinabi ng Diyos,*
*“Ikaw ang aking Anak na lubos kong minamahal.”*
*Lumitaw ang Espiritu Santo sa anyo ng isang kalapati.*

1. Nang si Jesus ay mabautismuhan, ang ___________ ng Diyos ay lumapag sa kanya sa anyo ng isang kalapati.
2. Isang tinig mula sa langit ang nagsabi, “Ikaw ang aking _______________.”
3. Ito ang pamamaraan ng Diyos upang ipakita sa mga tao na si Jesus ay tunay ngang ____________.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 22)

Ipinahayag din ni Jesus na siya ang Anak ng Diyos. Minsan ay sinabi niya sa mga Judio, “Ako at ang Ama ay iisa.” Sa isang pagkakataon ay tinawag niya ang kanyang sarili gamit ang natatanging pangalan ng Diyos, Ako Nga. Hindi niya sinabi ang mga bagay na ito nang palihim. Dumating ang panahon at dinakip si Jesus dahil ipinapantay niya ang kanyang sarili sa Diyos.

Hinayaan din ni Jesus ang mga tao na ituring siyang Diyos. Maraming ulit na pinahintulutan ni Jesus ang mga tao na dumalangin sa kanya upang sila ay kanyang tulungan. Nang minsang pagalingin niya ang isang tao, bumalik sa kanya ang taong ito at sinamba siya. Hindi niya pinigilan ang taong ito. Sa isang pagkakataon ay sinabi sa kanya ni Pedro, “Kayo po ang Cristo, ang Anak ng

Diyos na buhay” (Mateo 16:16). Sinabi ni Jesus kay Pedro na tama ang kanyang sinabi.

4. Si Jesus mismo ay nagsabing siya ang Anak ng _________.
5. Si Jesus ay dinakip dahil ipinapantay niya ang kanyang sarili sa _________.
6. Hinayaan din ni Jesus na siya ay ituring ng mga tao bilang _________.
7. Nang tawagin ni Pedro si Jesus na Anak ng Diyos, sinabi ni Jesus na ito ay _________.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 22)

Ngunit marami pang ginawa si Jesus liban sa ipahayag na siya ang Anak ng Diyos. Pinatunayan niyang siya ay tunay ngang Anak ng Diyos sa pamamagitan ng mga himalang kanyang ginawa. Ang himala ay isang makapangyarihang gawa na tanging Diyos lamang ang makagagawa.

Maraming ginawang mga himala si Jesus. Pinagaling niya ang lahat ng uri ng mga karamdaman at kapansanan ng mga taong lumapit sa kanya. Muling nakakita ang mga bulag. Muling nakarinig ang mga bingi. Ang mga pilay ay muling nakalakad. Ang mga taong may ketong, isang uri ng sakit sa balat, ay gumaling. Sa tatlong pagkakataon ay binuhay

niya ang mga taong namatay na.

Marami pang ibang himala ang ginawa ni Jesus na nagpapakitang siya ay may kapangyarihan sa kalikasan. Pinatigil niya ang mga unos sa dagat. Ginawa niyang alak ang tubig. Pinakain niya ang libu-libong tao sa pamamagitan ng ilang pirasong tinapay at dalawang isda. Ang mga himalang ito at marami pang tulad nito ay nagpapatunay na si Jesus ay ang Diyos mismo.

8. Hindi lamang basta ipinahayag ni Jesus na siya ay Diyos. Pinatunayan niya ito sa pamamagitan ng kanyang mga _________.
9. Ang himala ay isang makapangyarihang gawa na tanging _________ lamang ang makagagawa.
10. Maraming ginawa si Jesus na mga ______ gaya ng pagpapagaling sa mga may karamdaman.
11. Si __________ ay gumawa ng iba pang mga uri ng himala na nagpapakita ng kanyang kapangyarihan sa kalikasan.
12. Ang lahat ng mga himalang ginawa ni Jesus ay nagpapakitang siya ay tunay ngang _________.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 22)

Ngunit si Jesus ay hindi lamang Diyos; siya ay isa ring tao. Ang kanyang katawan ay tulad din ng katawan ng ibang mga kalalakihan. Siya ay nagutom at kumain. Siya ay napagod at nagpahinga. Siya ay nagalit. Si Jesus ay tumawa at umiyak. Sinasabi ng Biblia na siya ay naging tulad natin sa lahat ng paraan, liban na lamang na wala siyang ginawang anumang kasalanan.

Ang mga huling pangyayari sa buhay ni Jesus ay nagpapatunay na siya ay isang tao. Bilang bahagi ng kanyang gawain dito sa lupa, siya ay namatay. Oo, bagamat siya ay Diyos, si Jesus ay isa ring tao, isang tunay na tao; at ang kanyang buhay dito sa lupa ay nagpatunay na siya ay tao.

13. Si Jesus ay hindi lamang Diyos; siya rin ay ____________.
14. Si Jesus ay nagutom at ____________; siya ay tumawa at ____________.
15. Siya ay tulad natin sa lahat ng paraan, liban sa hindi siya ________________.
16. Si Jesus rin ay ____________ tulad ng lahat ng tao.
17. Ang buhay ni Jesus ay nagpapatunay na siya ay ____________ at ____________.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 22)

## *Pagbabalik-aral sa Ikalawang Kabanata*

Ang buhay ni Jesus ay maliwanag na nagpapatunay na siya ay ang Diyos mismo. Nang siya ay bautismuhan, tinawag siya ng Diyos na kanyang Anak. Si Jesus mismo ay ilang ulit na nagpahayag na siya ay Diyos. Hinayaan rin ni Jesus na ituring siya ng mga tao bilang Diyos. Upang walang anumang maging pagdududa tungkol dito, gumawa si Jesus ng maraming himala na tanging ang Diyos lamang ang makagagawa.

Ipinakita rin ni Jesus sa lahat na siya ay tunay na tao. Siya ay kumain, uminom, natulog at umiyak. Siya rin ay namatay. Maliwanag na ipinakita ni Jesus na siya ay Diyos at tao. Ibinibigay sa atin ng Biblia ang lahat ng mga ebidensiyang ito.

**Mga sagot para sa mga tanong sa Ikalawang Kabanata:**
1. Espiritu; 2. Anak; 3. Diyos; 4. Diyos; 5. Diyos; 6. Diyos; 7. tama/totooo; 8. himala; 9. Diyos; 10. himala; 11. Jesus; 12. Diyos; 13. tao; 14. kumain, umiyak; 15. gumawa ng anumang kamalian/nagkasala; 16. namatay; 17. Diyos, tao.

## *Pagsusulit sa Ikalawang Kabanata*

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ang kapanganakan ni Jesus ay nagpapakitang siya ay _______ at ______.
2. Ang buhay ni Jesus ay nagpapakita rin sa maraming mga paraan na siya ay tunay na _________ at _________.
3. Nang si Jesus ay mabautismuhan sinabi ng Diyos, “Ikaw ang aking _________.”
4. Tinawag rin ni Jesus ang kanyang sarili bilang _________.
5. Hinayaan rin ni Jesus ang mga tao na _________ siya bilang Diyos.
6. Upang ipakitang siya ay Diyos, si Jesus ay gumawa ng maraming mga _________.
7. Ang himala ay isang bagay na tanging _________ lamang ang makagagawa.
8. Sinasabi rin ng Biblia na si _________ ay kumain, uminom, natulog at namatay.
9. Higit sa lahat, bilang bahagi ng kanyang gawain, si Jesus rin ay __________.
10. Ang mga gawang ito ay nagpapatunay na si Jesus ay tunay ring __________.
11. Ang buhay ni Jesus ay nagpapatunay na siya ay __________ at __________.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 62)

## Gamitin Ang Iyong Biblia

Ang mga kuwentong nabanggit sa kabanatang ito ay matatagpuan sa Biblia sa mga sumusunod na bahagi:

1. Binautismuhan si Jesus: *Mateo 3:13-17*

2. Tinawag ni Jesus ang kanyang sarili bilang Diyos: *Juan 4:25-26*

3. Itinuring ng mga tao si Jesus bilang Diyos: *Juan 1:49-51 at Juan 12:1-11*

4. Ilan sa mga himala ni Jesus: *Mateo 8 at Juan 6:1-24*

5. Ipinakita ni Jesus na siya ay tao: *Lucas 4:1-2, 8-23; at Juan 19:28-30*

*Ikatlong Kabanata*

# ANG MGA KATURUAN NI JESUS

Lubhang abala ang maraming tao sa maraming bagay. Pangunahin sa kanilang pinagkakaabalahan ang paghahanap-buhay para sa kanilang pamilya. Ngunit kung tayo ay hindi abala, ano ang ginagawa natin sa ating oras? Inaaksaya ba natin ang oras sa mga bagay na hindi naman mahalaga?

Mayroong higit na magandang paraan upang magamit ng tao ang kanyang oras. Ginagawa mo na ito ngayon sa paglalaan ng oras upang higit mong makilala si Jesus. Ginamit ni Jesus nang buong husay ang kanyang oras habang siya ay naririto sa lupa. Tingnan natin kung ano ang ginawa ni Jesus. Pagkatapos ng

kabanatang ito ay magagawa mong:

* Matukoy kung ano ang pangunahing gawain ni Jesus sa loob ng tatlong taon na siya ay naririto sa lupa;
* Maipaliwanag kung ano ang itinuro ni Jesus tungkol sa pagsisisi at pagpapatawad;
* Maipaliwanag kung ano ang propeta; at
* Matukoy kung sino ang pinakadakilang propeta.

Sa loob ng tatlong taon ay nilibot ni Jesus ang buong lupain ng Israel. Bagamat marami siyang ginawang himala at nagpagaling ng maraming may karamdaman, hindi ito ang kanyang pangunahing gawain. Sinabi niya, “Sapagkat naparito ang Anak ng Tao upang hanapin at iligtas ang naligaw” (Lucas 19:10). Ang pangunahing paraan na ginamit ni Jesus upang hanapin ang naligaw ay ang kanyang pagtuturo at pangangaral.

Saan man magtungo si Jesus, siya ay nagtuturo sa mga tao. Isa sa mahahalagang bagay na itinuro niya ay ang pagsisisi sa kasalanan at paglapit sa Diyos upang humingi ng tulong at kapatawaran. Ito ang ibig sabihin ng Biblia sa salitang “magsisi”: makadama tayo



*Nakikinig si Maria habang siya ay tinuturuan ni Jesus.*

ng kalungkutan dahil sa ating nagawang mga kamalian, magbago ang takbo ng ating pag-iisip at paraan ng pamumuhay, at lumapit tayo sa Diyos upang hingin ang kanyang tulong at kapatawaran.

Ngunit maraming tao ang nagpapalagay na hindi naman sila ganoon kasama at hindi nila kailangan ang tulong at kapatawaran mula sa Diyos. Kaya nang mangaral si Jesus sa mga taong yaon, sinikap niyang ipakita sa kanila ang kanilang mga kasalanan at ang pangangailangan nila ng tulong.

1. Ang pinakamahalagang gawain ni Jesus sa buong panahong nandito siya sa lupa ay ____________ at ____________.
2. Ipinangaral niya sa mga tao na dapat silang ____________ at lumapit sa ____________ upang humingi ng tulong.
3. Ang salitang magsisi ay nangangahulugang dapat __________ ang isang tao sa kanyang nagawang kamalian at lumapit sa Diyos upang humingi ng tulong at ___________.
4. Maraming tao ang nagpapalagay na hindi nila kailangan ang ____________ ng Diyos.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 32)

Ngunit hindi lamang ang tungkol sa kasalanan

ang itinuro ni Jesus sa mga tao. Itinuro rin niya sa kanila ang tungkol sa natatanging paraan upang sila ay makalaya sa kasalanan at sa mga kaparusahang dulot nito. Sinabi niya sa isang tao, “Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan” (Juan 3:16).

Sinabi ni Jesus, “Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na napapagal at nabibigatan sa inyong pasanin, at kayo’y pagpapahingahin ko” (Mateo 11:28). Sa isa pang pagkakataon ay sinabi rin niya, “Walang makalalapit sa Ama liban sa pamamagitan ko.” Sa pamamagitan ng mga salitang ito ay tinulungan niya ang mga tao na magsisi at lumapit sa kanya upang humingi ng tulong at magkamit ng buhay na walang hanggan.

5. Sinabi ni Jesus, “Walang makalalapit sa Ama liban sa _________.
6. Ang kakayahan upang magsisi at lumapit sa __________ upang humingi ng __________ ay ipinagkakaloob sa atin sa pamamagitan ng mga salitang itinuro ni Jesus.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 32)

Nagturo si Jesus sa mga tao sa pamamagitan ng mga pangaral at kuwento. Ngunit ang mga salitang kanyang ipinahayag ay hindi kanyang sariling mga pananalita. Sinabi niya, “Nagsasalita ako ayon sa itinuro sa akin ng Ama” (Juan 8:28).

Ang isang tao na nagpapahayag ng mga salitang galing sa Diyos ay tinatawag na propeta. Maraming propeta ang nangaral bago pa nabuhay si Jesus dito sa lupa, ngunit siya ang pinakadakila sa kanilang lahat. Ipinangaral niya ang mensahe ng Diyos nang buong linaw at buong tapang, higit sa ginawa ng mga nauna sa kanya. Sa tuwing binabasa natin ang kanyang mga salita sa Biblia, siya pa rin ang buong liwanag na nangungusap sa atin.

Para sa mga tao noon at ngayon, iisa ang mensahe ni Jesus: “Pagsisihan ninyo at talikdan ang inyong mga kasalanan at maniwala kayo sa Mabuting Balita” (Marcos 1:15). “Ako ang Mabuting Pastol. Iniaalay ng Mabuting Pastol ang kanyang buhay para sa mga tupa” (Juan 10:11). “Ang sinumang sumampalataya at mabautismuhan ay maliligtas” (Marcos 16:16). Si Jesus ay hindi lamang isang mabuting guro; siya ang

pinakadakilang propeta sa lahat. Ipinahahayag pa rin niya ngayon sa atin ang salita ng Diyos.

7. Ginugol ni Jesus ang kanyang oras sa __________ sa lahat ng uri ng mga tao.
8. Ngunit hindi siya nagsalita sa ganang kanyang sarili lamang; ang kanyang mga ipinahayag ay ang mga salita ng kanyang __________.
9. Ang isang taong nagpapahayag ng mga salita ng Diyos ay isang ___________.
10. Hindi lamang isang mabuting guro si Jesus, bagkus siya ang pinakadakilang ___________ sa lahat ng panahon.
11. Ipinahahahayag pa rin ni Jesus ang mga salita ng Diyos sa atin sa tuwing tayo ay _____________.
12. Ang mensahe ni Jesus ay hindi nagbabago: ___________ ninyo ang inyong mga kasalanan at ___________ kayo sa Diyos upang kamtan ang kapatawaran.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 32)

## *Pagbabalik-aral sa Ikatlong Kabanata*

Sa loob ng tatlong taon na naririto si Jesus sa lupa, ang pangunahin niyang gawain ay mangaral at magturo. Ang kanyang mga salita ay nagbigay ng kakayahan sa mga tao upang magsisi, ibig sabihin, tumalikod sa kanilang mga kasalanan at lumapit sa Diyos upang hingin ang kanyang tulong at kapatawaran.

Sa pamamagitan ng Biblia, tinuturuan pa rin tayo ni Jesus ngayon. Ngunit hindi lamang siya isang mabuting guro; siya ang pinakadakilang propeta sa lahat ng panahon. Hindi siya nagsalita sa ganang kanyang sarili lamang. Ang kanyang mga ipinahayag ay mga salita ng Diyos, ang mga salita ng kanyang Ama. Taglay ng Salita ng Diyos sa lahat ng panahon ang kapangyarihan ng Diyos kung kaya't si Jesus ay may kapangyarihang akayin tayo sa pagsisisi at sa pananampalataya.

**Mga sagot para sa mga tanong sa Ikatlong Kabanata:**
1. Pagtuturo, pangangaral; 2. Magsisi, Diyos; 3. Malungkot, kapatawaran; 4. Tulong o kapatawaran; 5. pamamagitan ko; 6. Diyos, tulong; 7. pagtuturo; 8. Ama; 9. propeta; 10. propeta; 11. nagbabasa ng Biblia; 12. Magsisi, lumapit.

## *Pagsusulit para sa Ikatlong Kabanata*

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Sa loob ng tatlong taon na ginugol ni Jesus upang isakatuparan niya ang kanyang gawain dito sa lupa, ang pangunahin sa mga ito ay ___________ at ___________.

2. Ipinahayag niya sa mga tao na dapat silang ___________ at lumapit sa ___________ upang hingin ang kanyang tulong.

3. Ang kahulugan ng salitang magsisi ay dapat ___________ ang isang tao dahil sa kanyang mga nagawang kamalian at hingin ang tulong ng ___________.

4. Maraming tao ang nag-aakalang hindi nila kailangan ang ___________ ng Diyos.

5. Ngunit sinabi ni Jesus, “Walang makalalapit sa Ama liban sa _______________.

6. Ang mabuting balita tungkol kay Jesus ang nagbibigay sa atin ng kakayahan upang _____________ at lumapit sa ___________ upang hingin ang kanyang ___________.

7. Ginugol ni Jesus ang kanyang panahon sa __________ sa lahat ng uri ng mga tao.

8. Ngunit hindi nagsalita si Jesus sa ganang kanyang sarili lamang; ang kanyang mga ipinahahayag ay ang mga salita ng kanyang __________.

9. Ang isang taong nagpapahayag ng salita ng Diyos ay tinatawag na __________.

10. Hindi lamang isang mabuting guro si Jesus, bagkus siya ang pinakadakilang ___________ sa lahat ng panahon.

11. Ipinahahahayag pa rin ni Jesus ang mga salita ng Diyos sa atin sa tuwing tayo ay _______________.

12. Ang mensahe ni Jesus ay hindi nagbabago: __________ ang inyong mga kasalanan at ___________ kayo sa Diyos upang kamtan ang kapatawaran.


(Tignan ang tamang sagot sa pahina 62)

## Gamitin Ang Iyong Biblia


Ang mga kuwentong binanggit sa kabanatang ito ay matatagpuan sa Biblia sa sumusunod na mga bahagi:

1. Itinuro ni Pedro ang tungkol sa pagsisisi at kung paanong si Jesus ay Propeta:
   *Gawa 3:17-26*

2. Si Jesus ang daan sa kalangitan at nagpapahayag ng Salita ng Diyos:
   *Juan 14:1-11*



*Si Jesus ay nagdusa at namatay para sa mga kasalanan ng lahat ng tao.*



*Ikaapat na Kabanata*

# ANG KAMATAYAN NI JESUS

Bawat isang tao ay may kinatatakutan. Ang mga bata ay karaniwang natatakot sa dilim. Ang mga matatanda ay karaniwang natatakot na magkasakit. Kinatatakutan ng isang ama o tagapagtaguyod ng pamilya ang mawalan ng trabaho. At lahat ng tao ay natatakot sa kamatayan.

Ang takot ay isang kahindik-hindik na bagay. Inaalis nito ang katiwasayan ng ating isip at nakaaapekto ito sa ating pang-araw-araw na buhay. Marahil iyan ang dahilan kung bakit madalas ay inililihim natin ang ating mga takot.

Ang pinakamatinding takot na maaaring taglayin ng isang tao ay ang tungkol sa kanyang kaugnayan sa Diyos. Madalas ay

nararamdaman nating hindi tayo karapat-dapat sa pag-ibig ng Diyos at natatakot tayong parurusahan niya tayo. Ngunit naparito si Jesus upang sagipin tayong lahat sa kaparusahan ng Diyos. Dahil sa kanyang ginawa, hindi na natin dapat katakutan ang kaparusahan ng Diyos. Ipinagkakaloob niya sa atin ang kanyang natatanging kapayapaan.

Sa kabanatang ito ay ating makikita kung paanong inalis ni Jesus ang takot mula sa ating mga puso. Pagkatapos ng kabanatang ito ay magagawa mong:

* Ipaliwanag kung paanong iniligtas ng kordero ng Paskuwa ang mga anak ng Israel mula sa kamatayan;
* Ipaliwanag kung sa paanong paraan naging kordero ng Paskuwa si Jesus para sa atin;
* Ipaliwanag kung sa paanong paraan ginampanan ni Jesus ang gawain ng isang saserdote o pari.

Naganap ang kamatayan ni Jesus sa kapistahan ng Paskuwa. Ang Paskuwa ay isang pagdiriwang ng mga Judio. Ito ay paggunita sa pagpapalaya ng Diyos sa bansang Israel mula sa pagkakaalipin sa Egipto. Dahil sa pagtanggi ng pinuno ng Egipto

na payagang makabalik ang mga Judio sa Israel, nagpadala ang Diyos ng isang anghel ng kamatayan upang kitlin ang buhay ng bawat panganay na lalaki sa bawat sambahayan sa Egipto.

Tinagubilinan ng Diyos ang mga Judio na kumuha ng korderong walang kapintasan upang patayin at pagkatapos ay ipahid ang dugo nito sa pintuan ng kanilang mga bahay. Sa gayon ay lalagpasan ng anghel ng kamatayan ang kanilang mga bahay at hindi papatayin ang sinuman doon. Ang dugo ng kordero ang nagligtas sa buhay ng mga tao sa bahay na yaon.

Ang kapistahan ng Paskuwa ay nagpapaalala rin sa mga Judio na sila man ay mga makasalanan. Darating ang panahon na isang anghel ng kamatayan ang darating upang bigyan ng wakas ang kanilang buhay dito sa lupa. Mayroon kayang isang uri ng kordero na ang dugo ay makapagliligtas sa kanila sa kamatayan?

Tinatawag ng Biblia si Jesus na “ang Kordero ng Diyos. Siya ang nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan” (Juan 1:29). Ang kordero ay kailangang mamatay sa kapistahan ng Paskuwa upang ang dugo nito ay maging

sanggalang ng mga tao laban sa kamatayan. Sa katulad na paraan kailangang mamatay ni Jesus upang ang kanyang dugo ay maging kabayaran para sa ating mga kasalanan at maging sanggalang natin laban sa walang hanggang kamatayan. Sinasabi ng Biblia, “Si Jesus ang ating Korderong Pampaskuwa” (1 Corinto 5:7).

1. Si Jesus ay namatay sa kapistahan ng mga Judio na tinatawag na ___________.
2. Ang kapistahang ito ay gumugunita sa kung paanong sila ay nailigtas mula sa pagkakaalipin sa pamamagitan ng dugo ng isang __________.
3. Ang Pista ng Paskuwa ay ipinagdiriwang upang ipaalala rin sa mga tao na sila ay mga makasalanan at nangangailangan ng sanggalang laban sa ___________.
4. Tinatawag ng Biblia si Jesus na “ang ___________ ng Diyos. Siya ang nag-aalis ng ___________ ng ___________.
5. Si Jesus ay namatay gaya ng isang korderong ___________, kung kaya’t ang kanyang dugo ay nagligtas sa atin mula sa ___________.


(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 45)

Gabi ng Huwebes noong linggo ng Pista ng Paskuwa, pinagsaluhan ni Jesus at ng

kanyang mga kaibigan ang hapunang Pampaskuwa sa Jerusalem. Pagkalipas ng ilang oras noon ding gabing iyon, sila ay nagtungo sa isang tahimik na lugar upang manalangin. Doon ay ipinagkanulo si Jesus sa kanyang mga kaaway ng isa sa mga sarili niyang kaibigan. Ang konsehong panrelihiyon ng mga Judio ang unang umusig kay Jesus. Ang pinuno nito, ang punong saserdote o pari, ay nagsagawa ng isang pagdinig ngunit gumamit siya ng bulaang mga saksi. Si Jesus ay agad na hinatulan ng kamatayan.

Gayunman, ang mga Judio ay hindi malaya. Sila ay pinamumunuan ng mga Romano. Kaya't umagang-umaga ng Biyernes, dinala ng punong saserdote (pari) si Jesus sa Romanong gobernador, si Poncio Pilato, at hiniling sa kanya na ipapako si Jesus sa krus. Nilitis ng gobernador si Jesus at napatunayan niya itong walang anumang sala. Ngunit ang mga pinuno ng mga Judio ay nagsimula ng isang kaguluhan at hinikayat ang bawat isang tao roon na ipagsigawang dapat mamatay si Jesus. Sa huli ay iniutos ng gobernador na ipako si Jesus sa krus.

6. Si Jesus ay ipinagkanulo ng isa sa kanyang mga sariling ____________.



*Si Jesus ay nilibak ng mga kawal.*

7. Gumamit ang punong saserdote ng mga ___________ saksi upang hatulan si Jesus.
8. Nakita ng Romanong gobernador na si Jesus ay ganap na ___________.
9. Ngunit magkagayon man, si Jesus ay hinatulang ___________ sa ___________.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 45)

Si Jesus ay dinala sa isang burol sa labas ng lungsod. Doon, sa isang krus na kahoy, ibinaon sa mga kamay at paa ni Jesus ang mga pako. Pagkatapos ay hinayaan siyang nakapako hanggang sa siya ay mamatay.

Bago mamatay si Jesus, sumigaw siya nang malakas, "Naganap na!" (Juan 19:30). Sa pamamagitan ng pagbububo niya ng kanyang dugo, binayaran niya ang kaparusahan para sa mga kasalanan ng lahat ng tao. Ang walang salang korderong Pampaskuwa ay namatay. Ang kanyang gawain dito sa lupa ay naganap na.

Ang bahaging ito ng gawain ni Jesus ay gaya ng sa isang saserdote o pari. Noong panahong iyon, nagtatalaga ang Diyos ng mga saserdote upang maglingkod sa kanya. Ang kanilang gawain ay maghandog ng mga hain para sa kasalanan ng mga tao. Tinatawag ng Biblia si Jesus bilang ang ating Dakilang Saserdote.

Inihandog niya ang kanyang sarili doon sa krus upang bayaran ang mga kasalanan ng lahat ng tao. Dahil sa ginawa niyang ito ay iniligtas niya tayo mula sa walang hanggang kamatayan.

Bukod sa pagtupad sa gawain ng isang propeta, nagsilbi rin si Jesus bilang ating saserdote. Bilang ating dakilang Saserdote inihandog ni Jesus ang kanyang buhay upang bayaran ang ating mga kasalanan.

10. Si Jesus ay nanatiling nakapako sa krus hanggang sa siya ay ___________.
11. Batid ni Jesus na ang kanyang gawain ay ___________.
12. Naparito siya sa sanlibutan upang ______ gaya ng isang korderong Pampaskuwa.
13. Sa pamamagitan ng kanyang kamatayan, iniligtas ni Jesus ang ___________ mula sa walang hanggang kamatayan.
14. Sa ganitong paraan ay ginampanan ni Jesus ang gawain ng isang ___________.
15. Si Jesus bilang Saserdote ay naghandog ng kanyang ____________ upang bayaran ang ___________.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 45)

## *Pagbabalik-aral sa Ikaapat na Kabanata*

Sa panahon ng kapistahan ng Paskuwa, pinagsaluhan ni Jesus at ng kanyang mga kaibigan ang Hapunang Pampaskuwa. Pagkatapos nito ay ipinadakip si Jesus ng konsehong panrelihiyon ng mga Judio. Hinatulan siya ng punong saserdote ng kamatayan. Pagkatapos nito ay nagtagumpay ang punong saserdote na mapilit ang Romanong gobernador na ipapako si Jesus sa krus, kahit batid ng gobernador na si Jesus ay walang anumang kasalanan sa lahat ng ibinibintang sa kanya.

Si Jesus ay ipinako sa krus upang mamatay. Siya ang naging Korderong Pampaskuwa natin. Ang kanyang dugo ay nabuhos upang alisin ang ating mga kasalanan at upang ipagsanggalang tayo laban sa walang hanggang kamatayan. Sa ganitong paraan ay nagsilbi si Jesus bilang ating Saserdote, ang kanyang sarili bilang handog para sa ating mga kasalanan.

**Mga sagot para sa mga tanong sa Ikaapat na Kabanata:**
1. Paskuwa; 2. kordero; 3. kamatayan; 4. Kordero, kasalanan, sanlibutan; 5. Pampaskuwa, kamatayan (o kasalanan); 6. kaibigan; 7. bulaang; 8. walang sala; 9. mamatay, krus; 10. mamatay; 11. naganap na; 12. mamatay; 13. lahat ng tao; 14. saserdote/pari; 15. sarili o buhay, kasalanan ng lahat ng tao.

## *Pagsusulit para sa Ikaapat na Kabanata*

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ang kapistahan ng Paskuwa ay gumugunita sa kung paanong ang mga Judio ay nailigtas mula sa pagkakaalipin sa pamamagitan ng dugo ng isang __________.

2. Ang Pista ng Paskuwa ay ginaganap upang ipaalala rin sa mga tao na sila ay mga makasalanan at nangangailangan ng sanggalang laban sa ____________.

3. Tinatawag ng Biblia si Jesus na “ang ____________ ng Diyos. Siya ang nag-aalis ng ____________ ng ____________.

4. Si Jesus ay namatay gaya ng isang korderong ____________, kung kaya’t ang kanyang dugo ay nagligtas sa atin mula sa ____________.

5. Gumamit ang punong saserdote ng mga ____________ saksi upang hatulan si Jesus.

6. Ngunit magkagayon man, si Jesus ay hinatulang ____________ sa ____________.

7. Nakita ng Romanong gobernador na si Jesus ay ganap na ___________.

8. Naparito si Jesus sa sanlibutan upang ___________ gaya ng isang korderong Pampaskuwa.

9. Sa pamamagitan ng kanyang kamatayan, iniligtas ni Jesus ang ___________ mula sa walang hanggang kamatayan.

10. Si Jesus ay hindi lamang isang propeta; ginampanan din niya ang gawain ng isang __________.

11. Inihandog niya ang kanyang __________ para sa ating ___________.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 62)


## Gamitin Ang Iyong Biblia

Ang mga kuwentong binanggit sa kabanatang ito ay matatagpuan sa Biblia sa mga sumusunod na bahagi:

1. Ang Paskuwa sa Egipto: *Exodo 12:21-32*

2. Si Jesus ang ating Korderong Pampaskuwa at ang ating Saserdote: *Juan 1:29 at Hebreo 10: 10-14*

3. Ang pagkakanulo kay Jesus, ang paglilitis sa kanya, at ang kanyang kamatayan: *Marcos 14:43 hanggang Marcos 15:39*



*Ikalimang Kabanata*

# ANG TAGUMPAY NI JESUS, ANG CRISTO

Buong pananabik na inaabangan ng mga mag-aaral ang pagtatapos ng klase para sa isang taon. Binibilang naman ng isang bilanggo ang mga araw hanggang sa siya ay mapalaya.

Sa pamamagitan ng kanyang kamatayan sa krus, binayaran ni Jesus ang kasalanan ng buong sangkatauhan. Ngunit hindi iyon ang katapusan ng buhay ni Jesus. Siya ay muling nabuhay at nagsimula ng isang panibagong buhay ng paglilingkod sa atin. Sa kabanatang ito ay makikita natin kung ano ang kahulugan para sa atin ngayon ng bagong buhay ni Jesus. Pagkatapos ng kabanatang ito ay:

* Masasabi mo kung ano ang kahulugan ng muling pagkabuhay ni Jesus para sa ating mga buhay;
* Mailalarawan mo kung ano ang gawaing ginagawa ni Jesus ngayon;
* Maipaliliwanag mo kung ano ang kahulugan ng salitang Cristo;
* Matutukoy mo ang tatlong bagay na nagbibigay ng karapatan kay Jesus upang pagkalooban ng ng pangalan o titulo na “Cristo”.

Nagkaroon ng lindol noong umaga ng Linggo pagkaraan ng kamatayan ni Jesus. Isang anghel ang bumaba at naparoon sa libingan kung saan inilagak ang katawan ni Jesus. Iginulong ng anghel ang batong tumatakip sa pintuan ng libingan upang makita ng lahat na ang libingan ay walang laman.

Sinabi ng mga kaaway ni Jesus na ninakaw ng kanyang mga kaibigan ang kanyang bangkay. Ngunit muling binuhay ng Diyos si Jesus umagang-umaga nang araw ng Linggo. Binuhay muli ng Diyos si Jesus upang ipakita sa lahat na ang ginawa ni Jesus na pagpapakasakit at kamatayan ay tunay ngang naging kabayaran para sa kanilang mga kasalanan.

Sa simula, maging ang mga kaibigan ni Jesus ay nagulumihanan sa nangyari. Ngunit ‘di nagtagal ay napakita si Jesus sa kanila. Nakipag-usap siya sa kanila, naglakad kasama nila, at kumain kasama nila. Pinayagan din niya sila na mahipo ang mga butas ng pako sa kanyang mga kamay at paa upang patunayang siya talaga iyon.

1. Linggo pagkaraan ng kamatayan ni Jesus, ipinakita ng isang anghel na ang libingan ni Jesus ay ___________.
2. Si Jesus ay _____________ ng Diyos.
3. Ginawa ito ng Diyos upang ipakita sa lahat na ang ginawa ni Jesus ay tunay ngang naging kabayaran para sa ______ ng lahat.
4. Sa simula, kahit ang mga kaibigan ni Jesus ay _____________.
5. Kaya’t _____________ si Jesus sa kanila at hinayaan silang _____________ siya.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 57)

Muling binuhay ng Diyos si Jesus upang ipakita sa atin na ang kamatayan niya ay tunay ngang naging kabayaran para sa ating mga kasalanan. Dahil napatawad na ang ating mga kasalanan, hindi na natin dapat katakutan ang kamatayan. Sinabi ni Jesus, “Sapagkat

mabubuhay ako, mabubuhay rin kayo.” (Juan 14:19). Kung paanong si Jesus ay muling nabuhay, tayo rin ay muling bubuhayin ng Diyos kung tayo ay mamatay.

Pagkatapos ay pagkakalooban tayo ng Diyos ng buhay na walang hanggan upang tayo ay makasama niya magpakailanman. Ito ang kanyang pangako sa bawat isang nananampalataya sa kanya. Dahil muling binuhay ng Diyos si Jesus mula sa kamatayan, tiyak na muli rin tayong bubuhayin ng Diyos.

6. Muling binuhay ng Diyos si Jesus upang ipakita sa atin na ang kamatayan ni Jesus ay tunay ngang naging _______________.
7. Sinabi ni Jesus, “Sapagkat mabubuhay ako, ______________ rin kayo.”
8. Kung tayo ay muli nang buhayin ni Jesus, pagkakaloban din niya tayo ng __________.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 57)

Apatnapung araw pagkatapos na muling mabuhay si Jesus, siya ay bumalik na sa langit. Sa isang burol malapit sa Jerusalem, iginawad niya ang pagpapala sa kanyang mga kaibigan at pagkatapos nito ay umakyat siya patungo sa langit. Bago siya umalis, sinabi



*Si Jesus ay muling nabuhay at umakyat sa langit.*

niya sa kanyang mga alagad na kailangan niyang bumalik sa kanyang Ama. Sinabi rin niya ang dahilan: “Paroroon ako upang ipaghanda kayo ng matitirhan”, wika niya. “Babalik ako at isasama kayo sa kinaroroonan ko” (Juan 14:3).

Ngunit hindi pa rin diyan nagtapos ang gawain ni Jesus. Hindi siya nagpahinga nang siya ay bumalik sa langit. Sinasabi sa atin ng Biblia na siya ay naroroon kasama ng kanyang Ama. Sinasabi rito na siya ngayon ay namamahala sa buong sanlibutan bilang Hari nito. Lalong higit na binabantayan niya ang kanyang mga alagad, ang mga Cristiano, na sa kanya ay nananalangin bilang kanilang Hari.

Sinasabi rin ng Biblia na balang araw ay magbabalik ang ating Hari. Kapag nangyari na ito, magkakaroon ng isang dakilang Araw ng Paghuhukom. Lahat ng mga patay ay muling mabubuhay. Lahat ng mga alagad ng Hari ay titipunin at ibibilang sa kanyang sambahayan magpakailanman; lahat ng kanyang mga kaaway ay itataboy sa walang hanggang kaparusahan. Kung makakikita ka ng larawan ni Jesus na may korona, alalahanin mong si Jesus ang Hari ng sanlibutan.

9. Apatnapung araw pagkatapos na muling mabuhay si Jesus, siya ay bumalik na sa _____________.
10. Nagtungo siya roon upang ipaghanda tayo ng _____________.
11. Sa langit, si Jesus ay namamahala bilang ating _____________.
12. Si Jesus ay muling magbabalik sa _______ upang kunin ang kanyang mga tagasunod at makasama niya magpakailanman.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 57)

Sa Biblia, isa sa mga pangalan o titulo na ibinigay kay Jesus ay Cristo. Nang isilang si Jesus, sinabi ng mga anghel sa mga pastol, “Isinilang ngayon sa bayan ni David ang inyong Tagapagligtas, ang Cristong Panginoon” (Lucas 2:11). Ang “Cristo” ay salitang Griyego na ang kahulugan ay “hinirang”.

Sa panahon ng Lumang Tipan, ang isang taong hinirang ay itinatalaga sa pamamagitan ng pagbubuhos ng langis sa kanyang ulo. Gaya ito ngayon ng panunumpa ng isang taong naluklok sa isang katungkulan. Noong panahong iyon, ang mga propeta ng Diyos, mga saserdote at mga hari ay pawang mga hinirang ng Diyos at itinalaga sa kani-kanilang

tungkulin. Ipinakikita nito na pinili sila ng Diyos upang maging kanyang mga manggagawa, kanyang mga “cristo”.

Ipinangako rin ng Diyos na balang araw ay magsusugo siya ng isang dakilang Cristo. Si Jesus ang tinutukoy niya rito. Siya ay isang Propeta na nagturo sa mga tao ng Salita ng Diyos. Siya ay isang Saserdote na naghandog ng kanyang buhay doon sa krus bilang kabayaran para sa ating mga kasalanan. Siya ang ating Hari na namamahala sa buong sanlibutan at muling magbabalik upang ito ay hatulan. Higit siyang dakila kaysa lahat ng mga propeta, saserdote, at hari. Si Jesus ang dakilang Cristo, ang hinirang na Anak ng Diyos. Siya ang tanging Cristo.

13. Ang salitang Cristo ay salitang Griyego na ang kahulugan ay isang taong __________.
14. Tinatawag din itong ___________.
15. Sa Matandang Tipan, ang Diyos ay nagtalaga ng mga ________, ________, at ________.
16. Sa Biblia, tinatawag din si Jesus na ang ___________.
17. Siya ang ating dakilang ________, ________, at ________ na ipinangako ng Diyos.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 57)

## *Pagbabalik-aral sa Ikalimang Kabanata*

Sa ikatlong araw pagkatapos na mamatay si Jesus, araw ng Linggo, siya ay muling nabuhay. Napakita siya sa marami niyang alagad upang patunayan na siya nga ay muling nabuhay. Pagkatapos ng apatnapung araw, siya ay bumalik sa langit. Doon siya ay naghahari kasama ng Ama bilang Hari ng buong sanlibutan. Balang araw ay magbabalik ang Hari sa Araw ng Paghuhukom upang muling buhayin ang mga patay. Sa araw na ito, isasama rin niya sa kanyang kaharian ang kanyang mga alagad upang mabuhay sa kanyang piling magpakailanman.

Ang salitang Cristo ay nangangahulugang ang hinirang, isang taong itinalaga sa pamamagitan ng pagbubuhos ng langis sa kanyang ulo. Ang mga propeta, saserdote at hari ay hinirang at itinalaga upang ipakitang sila ay mga manggagawa ng Diyos. Si Jesus ang ating dakilang Propeta, Saserdote, at Hari. Siya ang hinirang, ang ipinangako ng Diyos na kanyang isusugo. Iyan ang dahilan kung bakit tinatawag ng Biblia si Jesus na ang Cristo.

**Mga sagot para sa mga tanong sa Ikalimang Kabanata:**
1. Walang laman; 2. muling binuhay; 3. kasalanan; 4. nagulumihanan; 5. napakita, mahipo; 6. kabayaran para sa ating kasalanan; 7. mabubuhay; 8. buhay na walang hanggan; 9. langit; 10. matitirhan; 11. Hari; 12. Araw ng Paghuhukom; 13. hinirang; 14. pagtatalaga; 15. propeta, saserdote, hari; 16. Cristo; 17. Propeta, Saserdote, Hari.

## *Pagsusulit sa Ikalimang Kabanata*

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Noong Linggo pagkaraang mamatay si Jesus, siya ay _____________ ng Diyos.
2. Ginawa ito ng Diyos upang ipakita sa lahat na ang ginawa ni Jesus ay tunay ngang naging kabayaran para sa ______ ng lahat.
3. Si Jesus ay _____________ sa kanyang mga kaibigan at hinayaan silang siya ay _______________.
4. Muling binuhay ng Diyos si Jesus upang ipakita sa atin na ang kamatayan ni Jesus ay tunay ngang naging _____________.
5. Sinabi ni Jesus, “Sapagkat mabubuhay ako, ______________ rin kayo.”
6. Kung tayo ay muli nang buhayin ni Jesus, pagkakalooban din niya tayo ng ___________.
7. Apatnapung araw pagkatapos na muling mabuhay si Jesus, siya ay bumalik na sa _______________.
8. Nagtungo siya roon upang ipaghanda tayo ng _______________.

9. Sa langit, si Jesus ay namamahala bilang ating _______________.
10. Si Jesus ay muling magbabalik sa _______________ upang kunin ang kanyang mga tagasunod at makasama niya magpakailanman.
11. Ang salitang Cristo ay salitang Griyego na ang kahulugan ay isang taong ___________.
12. Tinatawag din itong ______________.
13. Sa Matandang Tipan, ang Diyos ay nagtalaga ng mga __________, __________, at ___________ upang ipakitang sila ay naglilingkod sa kanya.
14. Sa Biblia, tinatawag din si Jesus na ang ______________.
15. Siya ang ating dakilang ____________, ____________, at ____________ na ipinangako ng Diyos.

(Tingnan ang tamang sagot sa pahina 62)

## Gamitin Ang Iyong Biblia

Ang mga kuwentong binanggit sa kabanatang ito ay matatagpuan sa Biblia sa mga sumusunod na bahagi:

1. Si Jesus ay muling nabuhay: *Lucas 24:1-12*

2. Napakita si Jesus sa kanyang mga kaibigan: *Lucas 24:36-49*

3. Umakyat si Jesus sa langit: *Lucas 24:50-53*

4. Ang kahulugan ng muling pagkabuhay ni Jesus para sa atin, at ang Araw ng Paghuhukom: *1 Corinto 15:20-26*

5. Naghahanda si Jesus ng isang lugar para sa atin: *Juan 14:1-14*

# PAGWAWAKAS

Binabati kita! Natapos mo na ngayon ang lahat ng mga aralin. Umaasa kaming higit mong nakilala kung sino si Jesus at kung ano ang kanyang ginawa habang siya ay naririto sa lupa. Ngayon ay nakatitiyak kang si Jesus ay nasa langit at naghihintay na muling magbalik bilang iyong Hari! Ito ay magdudulot sa iyo na lalong ibigin at dakilain si Jesus. Isang bilanggo na nagngangalang Bob ang sumulat ng tulang ito tungkol kay Jesus:

## ANG AKING SAKLOLO

Sampung rehas na bakal ang sa aki'y nagpiit
Isang seldang bato at bakal
Apatnapu't walong talampakang kuwadrado ang taas
Takot ang aking nararamdaman.

Nakikita ko ang lahat ng himutok at sakit
Sa lugar na ito bawat araw
Paano ako makangingiti?
Ano ang makapapawi ng aking takot?

Oo, ako ay bilanggo sa kulungang ito
Ngunit hindi sa aking puso
'Pagkat mayroong isang natatanging tao
Na palaging naririto at kasama ko.

Kaya't huwag kang malungkot dahil ako ay naririto
Mayroong mabuting bahagi ang pangyayaring ito
Nasa akin ang Biblia ko at ang pananalig ko
At si Jesus sa puso ko.

Binibigyan Niya ako ng lakas upang magpatuloy
Pag-asa sa bawat araw
Kapag nagiging masalimuot ang mga bagay ipinipikit ko
ang mga mata ko
Sa aking pagdalangin Siya ang nakikita ko.

# MGA KASAGUTAN SA MGA PAGSUSULIT SA BAWAT KABANATA

**Unang Kabanata: (Pahina 13)**
1. Maria; 2. ang Diyos; 3. ama sa laman/amain; 4. Diyos at Tao; 5. Tagapagligtas; 6. sumasagip; 7. kasalanan; 8. mamatay; 9. kasalanan; 10. matuwid; 11. ating; 12. Diyos, tao.

**Ikalawang Kabanata: (Pahina 23)**
1. Diyos, tao; 2. Diyos, tao; 3. Anak; 4. Diyos; 5. kilalanin/ituring; 6. himala; 7. Diyos; 8. Jesus; 9. namatay; 10. tao; 11. Diyos, tao.

**Ikatlong Kabanata: (Pahina 33-34)**
1. magturo at mangaral; 2. magsisi, Diyos; 3. malungkot, Diyos; 4. tulong o kapatawaran; 5. pamamagitan ko; 6. magsisi, Diyos, tulong o kapatawaran; 7. pagtuturo; 8. Ama; 9. propeta; 10. propeta; 11. nagbabasa ng Biblia; 12. Pagsisihan, lumapit.

**Ikaapat na Kabanata: (Pahina 46-47)**
1. kordero; 2. kamatayan; 3. Kordero, kasalanan, sanlibutan; 4. Pampaskuwa, kamatayan; 5. bulaang; 6. mamatay, krus; 7. walang sala; 8. mamatay; 9. lahat ng tao; 10. saserdote; 11. kanyang sarili o buhay, mga kasalanan.

**Ikalimang Kabanata: (Pahina 58-59)**
1. muling binuhay; 2. kasalanan; 3. napakita, mahipo; 4. kabayaran para sa ating mga kasalanan; 5. mabubuhay; 6. buhay na walang hanggan; 7. langit; 8. matitirhan; 9. Hari; 10. lupa; 11. hinirang; 12. pagtatalaga; 13. propeta, saserdote, hari; 14. Cristo; 15. Propeta, Saserdote, Hari.

# Pangwakas na Pagsusulit

Balik-aralan mo ang iyong naging maling mga kasagutan sa mga pagsusulit sa bawat kabanata. Balik-aralan mo rin ang mga layunin na may markang (*) sa pagsisimula ng bawat aralin. Kung natitiyak mong alam mo na ang lahat ng ito, handa ka nang simulan ang pangwakas na pagsusulit.

Tapusin mo ang pangwakas na pagsusulit nang hindi tumitingin sa anumang bahagi ng aklat. Kung ikaw ay tapos na, ibigay mo ang papel na kinalalamnan ng pagsusulit sa taong nagbigay sa iyo ng aklat na ito o 'di kaya'y ipadala mo sa pamamagitan ng koreo sa address na nakatala sa likod ng panghuling pahina ng aklat na ito. Maaari ka ring humiling ng iba pang mga aklat para sa pag-aaral ng Biblia gaya nito.

## Jesus ang Cristo
# *Pangwakas na Pagsusulit*

1. Ang ina ni Jesus ay si ______________, kung kaya't si Jesus ay ______________.
2. Ang ama ni Jesus ay _____________, kung kaya't si Jesus ay ______________.
3. Kinailangang maging tao ni Jesus upang ___________________________.
4. Kinailangang maging Diyos ni Jesus upang _________________________.
5. Ang salitang tagapagligtas ay nangangahulugang isang tao na ___________________ sa ibang tao na nasa panganib.
6. Sinagip tayo ni Jesus sa bilangguan ng ___________________.
7. Ang himala ay isang bagay na ____________________.
8. Ang mga himalang ginawa ni Jesus ay nagpapatunay na siya ay tunay ngang ____________.

9. Pinatunayan din ni Jesus na siya ay tao; siya ay ______________ at ______________ gaya ng ibang tao.
10. Sa loob ng tatlong taon ng kanyang pagganap sa kanyang gawain dito sa lupa, ang pangunahin sa mga ito ay _________________________.
11. Ang pangunahin niyang mensahe sa mga tao ay dapat silang _________________ at lumapit sa _________ para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.
12. Ang propeta ay isang tao na nagpapahayag ng __________________.
13. Sapagkat ipinahayag ni Jesus ang mga Salita ng Diyos sa mga tao, siya ang pinakadakilang _______________.
14. Sa Egipto, ang dugo ng isang _________ ang nagligtas sa mga Israelita mula sa kamatayan.

15. Walang anumang ginawang kasalanan si Jesus, ngunit siya ay namatay upang iligtas ____________________.
16. Kung kaya't si Jesus ay parang naging ating __________________.
17. Ang isang tao na naghahandog ng mga hain para sa kasalanan sa Lumang Tipan ay tinatawag na __________________.
18. Si Jesus ay gaya rin ng isang _________ sapagkat inihandog niya ang _____________ doon sa krus.
19. Ngunit pagkatapos na mamatay ni Jesus, siya rin ay ___________________ pagkaraan ng tatlong araw.
20. Ginawa ito ng Diyos upang patunayan na ang kamatayan ni Jesus ay tunay ngang _____________________ para sa ating mga kasalanan.
21. Sapagkat si Jesus ay muling nabuhay, nalalaman nating tayo rin ay ____________________.

22. Pagkaraan ng apatnapung araw, si Jesus ay bumalik na sa _________________.
23. Doon siya ngayon ay namamahala bilang _________________.
24. Balang araw siya ay magbabalik sa lupa upang ________________ ang lahat ng tao.
25. Ang salitang Cristo ay nangangahulugang ____________________.
26. Ang kaugaliang ito ay ginagawa sa Lumang Tipan upang _____________, _____________ at ______________.
27. Si Jesus ay tinatawag na ang Cristo sapagkat siya ang ating dakilang ___________, __________ at ___________.

*Punan ang mga sumusunod:*

PANGALAN:______________________________________________

ADDRESS: ______________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

*Mangyaring magbigay ka ng iyong mga komento tungkol sa pag-aaral na ito.*

*Para sa karagdagang impormasyon o upang humiling ng iba pang mga pag-aaral, sumulat o makipag-ugnayan sa:*

Multi-Language Productions
Bringing the Word to the World

**Jesus the Christ - Tagalog**
**Bible Teachings Series**
**MLP Catalog Number: 385561**